# 1

Isang araw ng summer vacation, napatigil sa pagbabasa ng libro si Lucy matapos madinig ang malakas na panaghoy. Galing iyon sa isang tinig na napakapamilyar sa kanya. Nagtayuan ang balahibo niya sa batok at braso, kasabay ng panlalamig ng buo niyang katawan. Napuno ng kaba ang kanyang dibdib. Nanganganib si Sherlock!

Humangos siya palabas ng kanyang silid. Dahil sa pagmamadali ay muntik na siyang mahulog sa hagdanan. Ilang segundo lamang at nasa harapan na siya ng kanilang kalye.

Namutla siya at nanlambot sa nasaksihan.

"Sherlock..." halos mahilo niyang singhap. Nanubig ang kanyang mga mata sa nakitang kalunus-lunos na tanawin.

Nakahandusay sa aspaltadong daan ang duguang katawan ng kanyang alagang basset hound. Halos nakatirik na ang maamo nitong mga mata. Puno ng dumi ang dati ay makintab nitong balahibo at namimilipit sa sakit ang maliit nitong katawan.

"Nanay Meding! Nanay Meding!" taranta

niyang sigaw. Tumakbo siya patungo kay Sherlock at lumuhod sa tabi nito. Maingat niya itong binuhat. The dog whimpered. "Don't worry, Sherlock. Lucy's here. Everything will be fine again," alo niya sa alaga.

"Nanay Meding! Nanay Meding!" tawag niyang muli sa katulong nilang nasa harapan na ng gate. Mabilis itong lumapit sa tabi niya.

"Diyaske! Paanong nakalabas ang asong iyan? Hindi na naman nailapat nang maigi ng bago nating driver ang gate."

"'Nay, kailangang madala si Sherlock kay Dr. Palicpic."

"I'll drive you there. Saan ba ang clinic ng vet mo?" singit ng isang baritonong tinig sa kanila. Saka lang napansin ni Lucy ang lalaking kanina pa pala nakatayo sa kanyang likuran.

Inagaw ang kanyang atensyon ng malakas na pagsinghap ni Sherlock kaya hindi siya kaagad nakasagot. Nagsimulang maghingalo ang aso. Its small body gave one final quiver before it went limp in her arms.

Dinama ni Nanay Meding ang leeg ni Sherlock. "Anak, patay na siya."

"No!" naghihinagpis niyang bulalas. "Hindi ako iiwan ni Sherlock!"

Mahigpit niyang niyakap ang alaga. Sumungaw ang luhang kanina pa nagbabadyang bumagsak. Hindi tuminag ang aso. Inilapit niya ang ulo nito sa kanyang mukha. Hindi na niya nadama ang dati ay pamilyar na init ng hininga nito. Walang ampat ang kanyang paghagulhol. "Sherlock!"

Hinagod ni Nanay Meding ang kanyang likod. "Lucy, tahan na. Wala na tayong magagawa. Ako na ang bahala kay Sherlock." Kinuha nito ang aso mula sa kanyang mga bisig. "Lilinisan ko na siya. Ililibing natin siya sa tabi ng alaga kong rosas."

Lalakad na sana siya pabalik sa bahay kasunod ang katulong nang hawakan ng lalaki ang braso niyang may mantsa pa ng dugo ni Sherlock. "Wait," anito.

Napilitan siyang harapin itong muli. Saka niya napagtantong kakilala pala niya ang lalaki. Hindi niya ito kaagad na namukhaan dahil sa pagkatuliro sa nangyari sa kanyang aso.

Mababatukan siya ng lahat ng kababaihan sa *St. Jerome's Academy* dahil hindi niya kaagad nakilala si Iñigo Pizarro. The entire female population in

her school adored this guy. Ito ang star player ng kanilang varsity sa basketball, vice-president for internal affairs ng Student Council at tinanghal pang ‘Prince’ noong prom night.

Impit na ‘ooh’ at ‘aah’ ng mga babae ang maririnig sa tuwing ito ay dumadaan sa corridor. Kilig to the bones ang mga ito to the point na tila hihimatayin na.

Half-Filipino, half-Italian si Iñigo. He had a bronze complexion at hazel naman ang kulay ng mga mata. Pinakamatangkad itong lalaki sa batch nila. His demigod features made most fifteen-year-old-hearts race. Ang mga musmos na puso ay natutunaw lalo pa kapag nag-flash ito ng killer smile at nagpakita pa ng dimples.

“Pasensya na. Hindi ko sinasadya. Nag-aaral pa lang akong magmaneho. I guess I was driving too fast. Hindi ko tuloy napansin nang biglang tumawid ang aso mo,” paliwanag nito sa kanya.

Nakatitig sa kanya ang binatilyo. Ang mga kamay nito ay nakasuksok sa bulsa ng kupas nitong *Levi’s* jeans. Nagmamakaawa ang mga mata nito. Tila nanunuyo ang dalawang biloy nito sa pisngi. Iniisip siguro nitong sapat na ang pagpapa-charming para makaligtas ito sa ginawang kasalanan.

Nahagip ng kanyang mga mata ang pag-aari nitong pulang pangarerang kotse na siyang bumundol sa kanyang aso. Lalo niyong pinainit ang kanyang dugo. Anumang klase ng panunuyo at pagpapa-cute ang gawin ng kausap, hindi na nito maibabalik pa sa kanya si Sherlock.

“You killed my dog!” mapait niyang sumbat. Muling namintana ang luha sa kanyang mga mata.

“It was an accident. I’m really, really sorry.”

“Your apologies won’t bring him back,” aniya sa pagitan ng pag-iyak.

Bahagyang nalukot ang ilong ni Iñigo. Nais marahil nitong itanong kung bakit iniiyakan niya ang isang aso na para bang iyon ay tao. Hindi siya nito maiintindihan. Napakaraming kaibigan ng lalak; halos buong campus ay gustong bumarkada rito. While Lucy was a loner; si Sherlock ang pinakamalapit niyang kaibigan.

Akma siya nitong yayakapin nang malakas niya itong itulak palayo. Labis itong nagulat at muntik pang mawalan ng panimbang.

Hindi niya maaaring yakapin ang murderer ni Sherlock. “I can never forgive you. Isang kaibigan ang kinuha mo sa akin,” malamig niyang deklara.

Nagtatakbo pabalik sa loob ng bahay si Lucy, walang pakialam na iniwan niya ang lalaki.

ANUMANG GAWIN na pagbiling ni Iñigo ay hindi niya talaga makuha ang hinahangad na mapayapang pagtulog. Sa tuwing siya ay pumipikit ay nakikita niya ang malungkot at lumuluhang mga mata ni Lucy. Naririnig din niya ang paghagulhol nito. Napakasama niya talaga!

Tuwang-tuwa pa naman siya nang payagan siya ng tiyuhin na ilibot ang sports car niya sa kanilang subdivision. Marunong na siyang magmaneho, tinuruan siya ng kanilang driver. Hindi pa nga lamang siya nakakakuha ng lisensya. Matapos ang walang tigil na pangungulit at pagmamakaawa ay nabigyan din siya ng pahintulot na mag-isang ilibot ang sports car. Dahil sa sobrang excitement na maipagmalaki ang bagong kotse sa mga kabarkada ay napabilis ang kanyang pag-arangkada. Hindi niya kaagad nakita ang pagsulpot ng pandak na aso sa kalsada.

Sa lahat ng aso sa kanilang subdivision ay bakit iyong alaga pa ni Lucy Mayores ang kanyang nabundol? Sa mga kabataan na nakatira roon, ang dalagita ang pinakamahirap makasundo. Lucy was kinda different. Kaya nga ‘Lukring’ ang tawag dito

ng iba niyang mga kabarkada.

Hindi naman sa pangit ito o mukhang freak. She was just different. Malayung-malayo kasi ang mga ikinikilos nito kumpara sa mga katulad niyang regular teenager.

Unang-una na ay ang pakikiuso nito sa mga tao noong panahon ni Mahoma. Banat na banat ang abot-siko nitong buhok. Kung hindi naka-ponytail ay nakatirintas iyon. Madalas din ay balut na balot itong parang suman. Ang laylayan ng mga palda nito ay halos makipaghalikan na sa suot nitong medyas. Sa tagal nilang nakatira sa subdivision na iyon ay hindi matandaan ni Iñigo na nasilayan niya ang hitsura ng mga hita at binti nito. Ang hula nga ng mga kaibigan niya, puno iyon ng bakokang.

Kakaibang estudyante rin si Lucy. Hindi pa man natatapos ng high school ay puwede na itong patayuan ng monumento bilang isang ulirang mag-aaral. Malamang sa hindi ay saulado nito ang student's manual at lahat ng mga alituntunin doon ay sinusunod nito. Isang linggo bago ang deadline ay nagpapasa na ito ng proyekto. Tuwang-tuwa itong mag-recite at sabik na sabik pa sa pag-aaral. Bukod sa mga textbooks nila, marami pa itong ibang binabasang libro. Malungkot ito kapag wala silang

assignment at may na-postpone na quiz. In short, she was a certified nerd in bold capital letters.

Pero gaanoman kalukring si Lucy, batid niyang mali pa rin ang nagawa niya rito. Naawa talaga siya nang makita kung paano ito napahagulhol nang malamang patay na ang aso nito.

Napakamot na lang si Iñigo ng ulo. Ano ba talaga ang dapat niyang gawin para kahit papaano makabawi naman siya sa nagawa niyang kasalanan? Nagtangka siyang makipag-ayos, pero kahit anino niya ay ayaw yatang makita ni Lucy. Nagbakasyon daw ito ayon sa kapitbahay kaya hindi na niya napagkita pa sa kanilang subdivision.

Unti-unti na ring namigat ang talukap ng kanyang mga mata. Hindi bale na. Malapit na ang pasukan. Imposibleng lumiban sa klase si Lucy para lamang maiwasan siya. Tiyak makakaisip din siya ng paraan para kahit papaano ay mapalapit dito. Hindi siya kagalingan sa eskuwelahan pero magaling daw siya pagdating sa pakikitungo sa mga babae. Sa pagkakataong ito, tiyak na masusubok ang kagalingan niyang iyon.

SA WAKAS ay natapos din ang pinakamalungkot

na bakasyon sa tanang buhay ni Lucy. Gayon na lamang ang pighating naramdaman niya sa pagkawala ni Sherlock. He was her first pet.

Napakadaling alagaan ng aso niyang iyon. Masunurin ito at mabilis na matuto. Siya mismo ang nag-house training dito. Higit pa sa matalik na kaibigan ang turing niya rito. Halos ito na nga ang pumuno ng kalinga at pagmamahal na pakiramdam niya ay kulang sa kanyang buhay. Ang lambing-lambing nito sa kanya. Napapakampay sa tuwa ang mahaba nitong buntot kapag namataan na nitong padating siya ng bahay.

Sa mga mata ni Sherlock, siya ang pinakamaganda at pinakamagaling na babae sa buong mundo. Wiling-wili itong kakulitan siya at tuwang-tuwa pa kapag nabigyan ng pagkakataong halikan ang kanyang mukha. Importante ang lahat ng iyon sa kanya dahil bihira niyang madama ang ganoong klase ng atensyon mula sa mga magulang.

Hindi naman sa hindi siya mahal ng kanyang ama at ina, sadyang napakalaki lamang siguro ng kanilang generation gap. Menopausal baby kasi siya. Wala na ngang pag-asang magkaanak pa ang mga magulang niya nang ipagbuntis siya ng ina. Batid niyang mahal siya ng mga ito kaya medyo istrikto

sa kanya.

“Lucy, buong bakasyon ka nang nagmumukmok. Kahit kaluluwa ni Sherlock ay di matutuwa diyan sa ginagawa mo,” puna sa kanya ni Nanay Meding. Kanina pa kasi siya nakasimangot at walang-imik habang nagbibiyahe mula Antipolo pabalik sa Maynila. Ilang linggo rin silang namalagi sa bahay nito. Nakagawian na niyang magbakasyon doon taun-taon. Walang halina sa kanya ang magandang tanawin sa labas ng bus, hindi gaya ng dati.

“At saka patawarin mo na si Mr. Pogi,” susog pa nito. “Siguro naman hindi niya talaga sinasadya ’yung nangyari.” Lalo niya itong sinimangutan.

“Kailangan, Lucy, mag-ayus-ayos ka naman nang kaunti. Ipakita mo d’un kay Mr.Pogi na hindi ka lang puro brains, may beauty ka rin. Malay mo, di ba,” pabiro pa siya nitong siniko, “baka ’yun si *Fernando Jose* ng buhay mo. Tamang-tama dahil mukha naman siyang imported.”

Hindi na lamang niya pinatulan ang pag-iilusyon ng kanyang nanay-nanayan. Nasobrahan na yata ito sa kapapanood ng soap opera.

Burado na sa kanyang isipan ang Iñigo na iyon. Hindi niya ito kailangang intindihin dahil hindi sila

nagpapansinan sa school. Magkaibang-magkaiba ang mundong ginagalawan nila. As far as he was concerned, she was just a common geek. Walang halaga ang mga kagaya niya kay Iñigo. Gayon na rin ang tingin ni Lucy rito, lalo ngayong minantsahan na nito ang mga kamay ng dugo ni Sherlock.

Darating ang araw, hindi niya alam kung paano, pero maipaghihiganti rin niya ang kanyang aso.

# 2

Ang *St. Jerome's Academy* ay isang eskuwelahang para sa mga lalaki at babae, na pinamumunuan ng mga paring Dominikano. Nagsimula ito bilang isang maliit na parochial school na umunlad at lumaki pagdaan ng mga taon dahil sa mataas na kalidad ng edukasyon at sa mahusay na pagdidisiplina sa mga kabataang nag-aaral.

Kaya nga roon napiling pag-aralin si Lucy ng mga kanyang magulang. Kindergarten pa lamang siya ay roon na siya pumapasok kaya sa graduation ay isa siya sa mga estudyanteng makakatanggap ng loyalty award. Wala siyang problema sa paaralan. Sa katunayan ay paborito pa siya ng mga guro niya; isa kasi siyang huwarang mag-aaral. Ang mga estudyanteng madalas niyang makasama ay iyong mga katulad din niyang mahilig mag-aral.

Alam niyang 'Lukring' ang tawag sa kanya ng ibang kaklase kapag nakatalikod siya. Isa umano siyang nerd o geek. Masakit din sa damdamin na kadalasan ay siya ang tampulan ng katatawanan, pero natuto na siyang hindi na lamang pansinin ang mga ito.

Naging labis na abala si Lucy sa pagsisimula ng pasukan kaya nakalimutan niya ang depression. Fourth year na siya at mas mahihirap na ngayon ang kanilang aralin. Talagang magsusumikap siyang mag-aral mabuti para makatapos nang may karangalan.

Bukod pa roon, mayroon pa siyang extra-curricular activity na pinagkakaabalahan: aktibong member siya sa Science Club. Last year, siya ang vice-president at ngayong taon ay siya na ang president. Nakakalungkot nga lang dahil kakaunti ang gustong sumali sa kanilang grupo ngayon, kumpara noong nakaraang taon. Paano naman, lahat ay nagkakandarapang mapabilang sa cheerleading/ sorority group ni Bianca, ang pinakasikat na babae sa *St. Jerome's Academy*. Ano ang panama niya roon?

Naistorbo ang pagtanaw ni Lucy sa mga estudyanteng nagkakagulo kay Bianca dahil sa pagkalabit sa kanya ni Maria. Ito ay isa sa mangilan-ngilan niyang kaibigan. Aktibo rin ito sa Science Club at mahilig mag-aral, gaya niya.

Nang lingunin niya ito, napuna niyang kakaiba ang hitsura nito. Mukha itong nakakita ng milagro.

"Gusto mong maging member?" ani Maria.

"Can I have a form?" sagot ng tinig ng isang lalaki na parang pamilyar sa kanya.

Excited pa sana siyang harapin ang himalang naligaw sa kanilang booth. Ngunit kagyat siyang napamulagat nang tumambad sa kanya si Iñigo. Kasama ito sa mga kahuli-hulihang tao na inisip niyang magkakainteres na sumali sa club nila.

"Wala nang form," ingos niya, sabay tago ng folder na halos hindi masara dahil sa dami ng forms.

"Pero..."

"Saka hindi ka qualified."

Nangunot ang noo ng lalaki. "Ang alam kong ang tanging qualification ay ang pagiging estudyante rito."

"Basta," pagmamatigas ni Lucy. Ininguso niya ang booth ni Bianca. "D'un ka mag-apply. D'un ka mas bagay." Tamang-tama dahil dating magkasintahan sina Iñigo at Bianca. Hindi lang niya alam kung bakit naghiwalay ang mga ito. Pero ang balita niya, may gusto pa rin ang babae sa una kahit pa nag-e-entertain na ito ibang suitors.

Tiyempong natanaw si Iñigo ng mga kagrupo nitong basketball players. Nakahinga siya nang

maluwag nang tangayin ng mga ito ang lalaki.

KUNG MAKATINGIN sa kanya si Maria ay parang may kasama itong isang baliw.

"Ba't mo ginawa 'yun kay Iñigo Pizarro? Hindi mo ba alam na kayang padamihin ng lalaking iyon ang members natin? 'Kita mo namang hirap na hirap tayong manghikayat ng mga gustong maging member," sermon pa nito.

"Naniwala ka naman sa sinseridad ng lalaking iyon."

Tumaas ang kilay nito. "Siguro may gusto ka d'un!"

"Wala, 'no!" Mumultuhin siya ni Sherlock kapag nagkagusto siya sa taong nakasagasa rito. Isa pa, wala siyang planong dumagdag pa sa mahabang listahan ng mga babaeng nagpapakatanga kay Iñigo.

Hindi naniwala ang kaibigan sa matigas niyang pagtanggi. "Walang masama sa paghanga at saka talagang guwapo si Iñigo. Ako nga, may gusto din sa kanya."

Kasama pa pala ito sa listahan. "Okay siya para sa iyo, pero di para sa 'kin," nakaismid na tugon ni

Lucy.

"Asus! Ano ba'ng ikinakatakot mo? Hindi mo naman mapapabayaan ang pag-aaral mo pag may crush ka. Magiging inspirasyon mo pa nga siya sa 'yong pag-aaral."

"Maria, tama na," gigil niyang saway. Bakit ba lagi na lang siyang tinutukso sa Iñigo na iyon? "Pagbigyan mo na lang ako sa pagkakataong ito, tutal ako ang presidente. Ayokong maging member natin si Iñigo Pizarro," pinal niyang sabi.

Ngunit sa huli, ang kinalabasan ay talo pa rin siya sa lalaki. Pagkakita pa lamang niya kay Miss Carandang ay nakaramdam na siya ng nagbabadyang kamalasan.

"Lucy, ano ba ang nangyari at sabi ni Iñigo Pizarro ay hindi ka raw pumayag na maging miyembro siya ng Science Club?" Mababasa sa mga mata nito ang pagkagulat sa isinumbong dito. Ngayon lamang kasi siya gumawa ng isang bagay na hindi naaayon sa patakaran ng eskuwelahan.

"Kasi, Ma'am—"

Hindi na siya nito pinatapos pa. "Alam mo naman, hija, na varsity player si Iñigo. Nahirapan na nga siyang i-maintain ang grades niya last year.

Kailangan siya ng team kaya this year ay gustong makasiguro ni Coach Art na papasa siya sa lahat ng subjects. Physics ang sigurado niyang magiging problema kaya kailangan niya ang tulong mo. Alalayan mo na rin siya sa ibang subjects."

Tutorial? Project niya iyon sa Science Club pero hindi iyon para kay Iñigo!

"Pero…"

"Lucy, naniniwala ako sa kakayahan mo. Alam kong di mo ako ipapahiya kay Coach Art. Ikaw ang pinakamagaling na estudyante ko."

Lumupaypay ang kanyang mga balikat; talo na talaga siya. Paano niya tatanggihan ang adviser ng club? Isang malalim na buntong-hininga ang kanyang pinakawalan. "Okay po, Ma'am."

SABADO at lahat ng tao sa bahay ng mga Mayores ay pilit nagkukunwaring walang bago sa araw na iyon, ngunit halata pa rin sa kanilang mga kilos na may kakaibang pangyayari.

Nagbabasa ng peryodiko sa balkonahe ang mga magulang ni Lucy ngunit wala sa balita ang isip ng mga ito. Siya at ang paparating niyang bisitang

lalaki ang palihim na pinag-uusapan ng mag-asawa.

Si Nanay Meding naman ay masayang-masaya sa mga nangyayari. Itinuring na nitong parang tunay na anak si Lucy at siyempre, kinikilig itong makita na may tiyansa nang magkaroon ng love life ang alaga. Batid nitong wala nang ibang inatupag ang dalagita kundi pag-aaral.

Sa kanilang lahat, si Lucy ang pinakawindang. Pinipilit niyang umakto nang normal, ngunit daig pa niya ang taong nakainom ng isang pitsel na kape sa pagkamatatarantahin.

Anuman ang gawin niya ay wala talaga sa focus ang kanyang utak. Naiinis siya sa sarili dahil hindi naman siya dating ganito. Derecho siyang mag-isip at dahil sa sipag at tiyaga, napagwawagian niya anumang pagsubok na dumarating sa kanya. Paano niya mapaglalabanan ang nararamdaman niyang masamang balak ng Iñigo na iyon, kung para siyang trumpong tuliro at hindi pa klaro kung mag-isip?

Nang tumunog ang doorbell, bumilis ang tibok ng kanyang puso. Kung tensyonado siya, cool na cool naman si Iñigo.

Guwapo talaga ito at hindi niya maikakaila iyon. Maganda ang ibinunga ng paghahalo ng mga genes

ng mga magulang nito, Italyanong ama at Pilipinang ina. Nakasuot ito ng pulang polo shirt, kupas na maong pants at rubber shoes. Naka-gel pa ang buhok nito at sa kabuuan ay mukhang malinis at mabango talaga. Iyon nga ang isa sa mga dahilan kung bakit maraming nagtitiliang girls kapag naglalaro si Iñigo ng basketball. Kahit pinagpapawisan na, mukha pa rin itong bagong paligo.

Magalang nitong binati ang kanyang mga magulang. Nagulat pa siya nang mapansin ang bitbit nitong basket ng hinog na mangga. "Ani po sa manggahan ng tito ko sa Pangasinan. Ako nga po pala si Iñigo. Magpapa-tutor lang po sana ako sa anak n'yo."

"Salamat, hijo." Base sa ngiti, parang unang pagkikita pa lamang ay nakuha na kaagad ni Iñigo ang kumpiyansa ng kanyang ama at ina.

"Lucy, samahan mo na siya sa study," utos ng mama niya nang mamataan siya nito sa bukana ng kanilang pinto.

"Mayamaya lang ay dadalhan ko na kayong dalawa ng mamemerienda," prisinta ni Nanay Meding. Humangos pa ito palabas ng kusina para mabistahan ang pagdating ng bisita.

Nang nasa study na sila at malayo sa pandinig ng kanyang mga kapamilya ay minabuti ni Lucy na komprontahin si Iñigo.

"Ano ba talaga ang masamang hangin na pumasok diyan sa utak mo at ginagawa mo ang lahat ng ito?"

Kung nasindak man sa kanya ang binatilyo, hindi nito ipinahalata iyon. "Aksidente talaga ang nangyari, Lucy, pero kailangan ko pa ring ihingi ng tawad ang pagkamatay ng aso mo. Tama ka, may pagkukulang din ako kaya wala na siya ngayon."

Isang malalim na buntong-hininga ang kanyang pinakawalan. "Tapos na 'yun. Wala ka nang magagawa para mabuhay uli si Sherlock. Hindi mo na kailangan pang pahirapan ang iyong sarili para mapagbayaran ang nangyari." *Lalo mo lang ginugulo ang buhay ko dahil sa pinaggagagawa mo*, patuloy niya pero sa isip lamang.

"S'abi mo, kahit kailan hinding-hindi mo ako mapapatawad. Ma'no man lang na mabawasan ko kahit kaunti ang mabigat kong kasalanan sa iyo."

Napasapo sa ulo si Lucy. Biglang parang aatakihin siya ng migraine dahil sa Iñigo na ito. "Kalimutan mo na 'yun. Siguro nasabi ko lang 'yun dahil sa sobrang

galit ko sa 'yo sa pagkamatay ni Sherlock."

Napabuntong-hininga ito. "That's good to hear. You do not know how much I'm relieved."

Medyo nabawasan ang sakit ng ulo niya. "So puwede ka nang umuwi. Hindi ka na dapat pang makonsyensya tungkol sa nangyari."

Napangiti si Iñigo at lumabas ang dimples. "Pero kailangan ko pa rin ang tulong mo sa Physics. And since you are kind enough to extend your wealth of knowledge to a poor guy like me, isama mo na rin ang Trigonometry."

Bumalik ang sakit ng ulo niya. Doble.

"Sabi ni Miss Carandang, wala naman daw problema 'yun sa iyo. Tuwang-tuwa nga si Coach sa magandang balita ni Ma'am."

Dumerecho na ito sa pag-upo sa harap ng malaking table na nasa loob ng study. Inilatag na rin nito ang Physics at Trigonometry textbooks pati na ang filler nito. Pagkatapos pinagpag nito ang upuan sa tabi para roon siya umupo. "'Lika, aral na tayo."

For the first time in the life of Lucy Mayores, hindi siya natutuwang mag-aral.

# 3

Wala raw matimtimang birhen sa binatang matiyagang manalangin. Pero hindi siya dinaan sa panalangin ni Iñigo. Marami lang itong alam na paraan pagdating sa pagpapaamo ng tao. Pakiramdam ni Lucy, magtayo man siya ng isang malaking pader sa pagitan nila ng lalaki ay unti-unti pa rin iyong natitibag. Masyado niyang minaliit ang galing nito. Tulad ng isang bihasang mangangaso, dahan-dahan ngunit sigurado ang mga hakbang nito kaya hindi niya kaagad namalayan kung gaano na siya kalapit sa disgrasya.

Apektado talaga siya. Bakit ba kasi nang magsabog ng charm sa mundo ang Diyos ay gising na gising yata ang lalaking ito at sinalo nito ang lahat ng iyon.

In exchange for her tutorial lessons, he taught her how to loosen up a bit. Dahil kay Iñigo, parang naging mas makulay ang buhay niya. At dahil din dito, tatlong beses na niyang inuulit ang pahina ng librong kanina pa niya binabasa pero wala pa rin siyang naiintindihan. Maliwanag na puntos iyon sa kalaban.

"Reading again?"

Napapitlag si Lucy nang marinig ang tinig ng 'kalaban.' Nasa loob na pala ito ng study. Napakadali nitong nakuha ang pagtitiwala ng kanyang mga magulang, points na naman para rito. Giliw na giliw rin dito si Nanay Meding at lagi pa itong nilulutuan ng masarap na merienda.

"You're early," sabi niya pagkasilip sa kanyang wristwatch. Pero ang totoo, kaya niya pinipilit ang sariling magbasa ay para pagtakpang kanina pa niya ito hinihintay.

Malawak ang ngiti ng lalaki. Isa iyon sa mga sandata nito para talunin siya. He got a smile that could brighten up the darkest days of a lonely woman.

"Simula kasi nang maging tutor kita, ginanahan akong matuto sa Physics at Trigo. In fact, excited pa nga akong pumunta dito."

Totoong wala pang Sabado na lumiban ito sa pagpapa-tutor. At kung aaminin niya sa kanyang sarili, excited din siyang makita ito. Hindi kasi ito mahirap turuan. Matalino naman ang lalaki, tamad nga lang at hindi naka-focus ang utak sa pag-aaral.

Hindi na niya namalayan ang oras, pero

natutuwa siya dahil marami silang leksyon na natapos. Advanced na nga ang mga araling kanilang tinalakay ngayon.

"Sagutan mo na lang 'yung mga sample exercises. I'll check them next week," habilin niya habang pinagsasaluhan nila ang turon na niluto ni Nanay Meding para sa kanilang merienda.

"Sure." Hindi nabawasan ang good mood ni Iñigo ng ilang oras nilang pag-aaral. "Walang problema diyan. At saka alam mo, p'wede ka nang magtiwala sa akin kahit kaunti."

Buong pagmamalaki nitong inilabas ang ilang piraso ng test papers mula sa dalang knapsack. Matataas nga ang marka niyon.

"See, naiintindihan ko naman ang mga itinuturo mo. Gulat nga sila dahil ang laging nangongopya noon, p'wede na ngayong magpakopya." Kahit mali mangopya at magpakopya ay hindi na nagsermon pa si Lucy. She felt proud being a part of his improvement. "Saka, salamat nga pala sa panonood mo n'ung last game. Buti naman naisipan mo 'kong suportahan kahit minsan lang."

"Nakita mo 'ko?" Dali-dali siyang uminom ng lemonada para kahit paano ay matakpan ang

namumula niyang mukha. Pumuwesto siya noon sa dulo at madilim na bahagi ng gym para walang gaanong makapansin sa kanya, subalit nakita pa pala siya ng lalaki.

Nagkikita man silang dalawa tuwing Sabado ay hindi pa rin sila gaanong nakakapag-usap pagdating sa eskuwelahan. Mas gusto niya ang ganoon dahil ayaw na niyang mas paguluhin pa ang nagulo na niyang buhay. Lahat yata ng babae na napapalapit kay Iñigo ay nagiging tampulan ng tsismis sa *St. Jerome*.

“Oo. Ang daming bakanteng puwesto sa ’baba, ewan ko ba’t d’un ka sa tuktok pumuwesto,” naiiling nitong kumpirma. “Kaya nga nagkumahog ako na maging best player para may maipagmalaki man lang sa iyo.”

Kahit ayaw ni Lucy, parang nag-dribble ang pintig ng kanyang puso.

“Magaling ka naman talaga sa basketball,” sabi na lang niya, pilit binabale-wala kung anuman ang epekto nito sa kanya. Kanina pa pumupuntos ang kalabang ito.

Nangislap ang mga mata ni Iñigo habang inuubos ang lemonada nito. Hindi magandang senyales iyon

para sa kanya.

"Why don't we celebrate? Ang daming magandang nangyari at dahil pa iyon lahat sa iyo. Mall tayo, my treat," aya ni Iñigo.

"Hindi mo na ako kailangan pang suhulan at saka madami pa akong kailangang gawin," mabilis niyang sagip sa sarili.

"Hindi naman ito suhol. Besides, just like what I've told you before, you also need to unwind." Iyon ang litanya ni Iñigo kapag natutuliro na ito sa mga lessons. Nagyayaya itong saglit na manood ng TV, maglaro ng board games o kaya kapag may dala itong gitara, kinakantahan sila nito ng rock ni Nanay Meding.

"Iba na lang ang yayain mo."

Parang wala itong narinig. "Ipagpapaalam na kita sa parents mo."

"May gagawin pa nga ako," pilit niya.

"Ano, magbabasa na naman? Reading is good, Lucy, but sometimes you've just got to live and enjoy life, too."

He had a point. Again.

DAHIL ARAW NG SABADO, puno ng tao sa mall at nagkataon pang kalagitnaan ng tatlong araw na sale. Nagpatianod lamang si Lucy nang yakagin siya ni Iñigo papuntang arcade.

“Ano’ng gusto mong laruin?”

“Kahit na ano,” pakibit-balikat na sagot niya. “Basta ’yung madali kasi wala akong alam na laro.” Hindi mahilig sa mall ang mga magulang niya at lalong hindi sila nadadaan sa arcade.

Natatawang pinisil nito ang kanyang ilong. “Saang planeta ka ba galing?” Pilit niyang inalis ang kamay ni Iñigo dahil may iba siyang nararamdaman kapag hawak siya nito. “Alam ko na, sa planetang puro libro!” sagot nito sa sariling tanong.

Ngunit matiyaga naman siya nitong tinuruan kung paano umasinta ng missiles, mangarera ng kotse at makipaglaban sa mga aliens sa video games. Pagkatapos, sinubukan nila ang mini-golf course at siyempre pati na ang pag-shoot ng bola ng basketball. Tawa siya nang tawa dahil wala siyang maipasok na bola.

“‘Kita mo na. Mas madaling i-solve ’yung problem sa Physics kaysa totoong mag-shoot ng bola,” kantyaw nito. Mabilis itong naghagis at lahat

ng bola ay pumasok sa buslo.

Dahil marahil sa sunud-sunod na panalo, tinodo na nito ang pagmamayabang. Inilabas nito ang huling token sa bulsa. “Kaya kitang maipanalo ng stuffed toy dito.” Itinuro nito ang doll catcher.

She rolled her eyeballs. “Yabang!”

“Ano, ‘pusta ka?”

“Isang token lang?”

“Oo.”

Kahit hindi pa niya i-compute, obvious na mas malaki ang probability na siya ang mananalo sa pustahan. “Sige ba. Ano’ng pusta?”

“Pag nanalo ka, p’wede mo ’kong utusan ng kahit na ano. Kapag ako ang nanalo, ako naman ang mag-uutos sa iyo ng kahit na ano.”

“Call.”

Naghulog ng token si Iñigo. Isang bunton ang mga teddy bears. Pink sana ang gusto ni Lucy pero hindi na niya iyon sinabi pa sa lalaki. Wala naman kasi sa usapan nila na ang kailangan nitong makuha ay iyong pipiliin niya. Matagal din nitong pinag-aralan kung anong teddy bear ang nakapuwesto na

madali nitong makukuha. Ilang beses din nitong ginalaw-galaw sa kung saan-saang direksyon ang pangsaklot.

Umandar muli ang pangsaklot—sa kaliwa, sa kanan, bumaba, naglapit-lapit ang mahahabang galamay, umakyat muli at umatras. Pagkatapat sa isang buslo ay bumuka ang mga galamay. May mga nagpalakpakan pang manonood. With an air of satisfaction and pride, ibinigay ni Iñigo sa kanya ang pinaka-cute na pink teddy bear sa grupo.

Bago tapusin ang araw ay inilibre pa siya ng binatilyo ng ice cream. Sa mga mata pa lamang ay kita nang masaya ito lalo na siyempre noong manalo ito sa pustahan. Nakakahawa siguro ang kaligayahan; pakiramdam niya ay ang saya-saya rin niya noong araw na iyon. Habang ninanamnam niya ang sarap ng chocolate ice cream at nakangiti siya sa kasama, mayroon siyang unti-unting napagtanto. Maraming senyales ang pilit niyang iniignora pero hindi naman niya maitatatwa.

Madalas na laman ng kanyang isip si Iñigo. Sabihin mang inis siya rito, hindi niya maitatangging hindi kompleto ang isang linggo niya kung hindi sila magkikita. May kakaiba siyang nararamdaman kapag nagkakadikit sila. At kapag hinahawakan siya

nito, bumibilis ang tibok ng kanyang puso. Lahat ay nagpapatunay na...

"Madungis ka rin palang kumain ng ice cream," natatawang puna ng kasama. Pinunasan pa nito ng tissue ang kanyang bibig. Hindi siya nakakibo sa sobrang pagkagitla. "Alam mo, walang maniniwala kapag kinuwento ko na imbis na mag-aral ay sinamahan ako ni Lucy Mayores na mag-arcade ngayong araw na ito. Salamat, ha."

Napakurap siya. Kailan kaya siya mai-immune sa matamis nitong ngiti? "Hindi ka na dapat magpasalamat, I had a great time," amin niya nang mahanap ang dila.

"Naisip ko na kung ano ang iuutos ko sa iyo." Again, she saw his mischievous smile. "Attend ka ng JS prom. Last year hindi ka pumunta."

Ang utak niya ay kung anu-anong panganib ang ibinabadya samantalang ang puso naman niya ay nagsisirko sa tuwa. Dapat laging utak ang pinapagana, pero sa unang pagkakataon ay binigo niya ang sarili.

"Ah... eh... sige, dadalo ako."

Mahirap mang aminin, mukhang kailangan nang idagdag ang pangalan niya sa mahabang listahan ng

mga babaeng may gusto kay Iñigo Pizarro.

DAHIL SA pinaghalu-halong kaba, tension at excitement, pakiramdam ni Lucy ay gusto na niyang himatayin. Parang kulang ang supply ng hangin sa paligid; ang puso naman niya ay nagmistulang isang malaking tambol at isang hyper na tao ang pumapalo roon, ang mga kamay niya ay parang ilang oras na inilublob sa nagyeyelong tubig. Hanggang ngayon hindi pa rin siya makapaniwala na a-attend siya ng prom night. Lalong hindi siya makapaniwala na pinayagan siya ng mga magulang. Pinatahian pa nga siya ng mommy niya ng gown at sinamahan pa kanina sa parlor. Baby pink ang kulay ng gown niya. Noong makita niya kasi ang kulay ng tela, naalala niya ang teddy bear na dahilan kung bakit siya dadalo ng prom kaya iyon ang kanyang pinili.

The gown had a square neckline, puffed sleeves at hanggang bukung-bukong niya ang haba. Baby pink din ang kulay ng kanyang sandals na may mababang takong. Light lang ang kanyang makeup, kabilin-bilinan iyon ng kanyang ina sa beautician. Iginiit ng bakla na magandang kulutin ang kanyang buhok para sa okasyon. Nagustuhan naman niya ang naging resulta. Sa kauna-unahang pagkakataon

ay nagmukha siyang prinsesa tulad doon sa mga paborito niyang fairy tales.

Pilit niyang kinalma ang sarili habang nakatingin sa salamin. Malayo siyang maging vanidosa at aminado siyang hindi siya naglalaan ng oras para sa pagpapaganda, hindi gaya ng mga kaklase niyang babae. Pag-aaral kasi ang importante sa kanya at doon talaga niya inuubos ang oras at panahon. Sa nakikita niya sa salamin, maganda naman siya. Sapat na siguro iyon sa munting inaasam ng kanyang puso.

Sa simula pa lamang, alam na niya na suntok sa buwan na magkagusto sa kanya si Iñigo. Malayung-malayo siya sa mga tipo ng babae na naging girlfriend nito. Wala siyang panama sa mga katulad ni Bianca. Mababaw lang ang kaligayahan niya; gusto niyang makasayaw ang lalaki kahit isang beses lamang. Kapag nangyari iyon, wala na siyang mahihiling pa.

Pagkatapos ng marahang pagkatok ay bumukas ang pinto ng kanyang silid. “May nagpa-deliver. Para daw sa iyo.”

Light pink roses na hand corsage ang dala ng mommy niya mula sa florist sa bukana ng kanilang subdivision. May maliit na card na nakaipit sa plastic niyon.

*Lucy,*

*Better put down the book that you're reading and get ready for the ball. See you!*

*Iñigo*

Napangiti siya sa nabasa sa card. Sa gilid ng kanyang mata, nakita niyang nakangiti rin ang kanyang mommy. Nabawasan ng kalahati ang pangamba niya. Parang positibo ang senyales na mabibigyan siya ng pagkakataong makasayaw mamaya ang kanyang *Prince Charming*.

SA ISANG SIKAT NA HOTEL sa Roxas Boulevard ang venue ng prom. Proud ang Student Council dahil malaki ang budget para sa okasyon at plano talaga nitong talbugan ang huling prom night.

Pagpasok niya sa function room ng hotel, nagulat pa siya sa mga kaklaseng nakita roon. Nagmukhang-tao kahit ang mga mukhang basagulero dahil lahat ng lalaki ay naka-coat and tie. Pusturang-pustura rin ang mga babae. Marami sa mga ito ang sobrang kapal ng makeup kaya nagmukha nang ninang sa kasal. Mabuti at light makeup ang gusto ng kanyang ina

para sa kanya. May ilang lalaki pa nga ang napatitig sa kanya. Pagpapatulong lang sa assignments ang madalas na pakay ng mga ito sa kanya.

“Oh, Lucy is that you?” di-makapaniwalang salubong sa kanya ni Miss Carandang. “You’re so pretty! Hindi kita agad nakilala.” Kinalabit pa nito si Coach Art para harapin siya. “Di ba ang ganda ni Lucy? Beauty and brains, she’s the perfect catch.”

Nakangiting tumango ang coach. “Pareho kayo,” dagdag nito na ikinapula ng pisngi ng dalagang guro. Ilang buwan pa lamang ang relasyon ng dalawa. Nagkalapit ang mga ito nang humingi ng tulong si Coach Art kay Miss Carandang tungkol sa nanganganib na academic performance ni Iñigo.

Nakita niya si Maria sa isang umpukan kaya sumama na siya rito.

“Lucy! Akala ko ba, hindi ka pupunta?” Nagulat din ang kaibigan pero masaya ito dahil mayroon na itong makakasama. Wala kasing masyadong kumakausap dito sa umpukan.

“Nagbago ang isip ko. Pag hindi na naman ako um-attend, nakakalungkot din kasi pagtanda ko; wala man lang akong alaala tungkol sa JS prom ko ngayong high school.”

Walang alam si Maria tungkol sa pagkatalo niya sa pustahan nila ni Iñigo. Hindi rin nito alam kung paano nahulog ang loob niya sa lalaking pilit niyang itinataboy noon. Malupit na sekreto niya ang mga bagay na iyon. At hanggang sa huli ay plano na talaga niyang umatras sa pustahan, pero hindi siya binigyan ng pagkakataon ng binatilyo.

Hindi naman siya nagsisisi. Mukhang natalbugan talaga ng mga organizers ang huling JS prom. Elegante ang venue, masarap ang pagkain, maayos ang naging takbo ng program. To cap it all, mahusay ang inarkilang banda kaya buhay na buhay pati na mga may-edad na guro.

Maraming lalaki ang nakipagsayaw sa kanya. Ang problema lang, iyong taong gusto niyang makasayaw ay siya namang naging mailap. Labis kasing abala si Iñigo. Kabilang ito sa organizers ng prom kahit pa hindi na ito nakatakbo noong huling eleksyon ng Student Council. Pinagbawalan na kasi ito ni Coach Art. Kaya muntik na umano itong bumagsak last year ay dahil sa dami ng extra-curricular activities nito.

Hindi rin ito masisi ni Lucy kung hindi man siya nito mapansin kahit pa may munting pagbabago sa kanya. Paano siya bibigyan ng atensyon ng Prom

King? Ultimo nga ang Prom Queen na si Bianca na medyo daring ang halatang mamahalin na suot na gown, ay mukhang deadma rito. Asa pa siya!

Parang kay tulin ng takbo ng oras. Hanggang alas doce lang ang palugit na ibinigay sa kanya ng mga magulang. Sa oras na iyon ay dapat nasa hotel lobby na siya. Huling tingin niya sa relo ng kasayaw ay malapit nang mag-alas-onse. Hinalinhinan muna niya si Maria sa pagmamando ng drinks station para kahit papaano ay matanaw niya kung nasaan si Iñigo.

"Wala ka ngang hawak na libro, pagsasalin naman ng punch ang inaatupag mo. Paano ka mag-e-enjoy niyan?"

Nagulat si Lucy dahil katabi na pala niya ang lalaking kanina pa hinahanap. Nagkatapun-tapon tuloy ang punch na isinasalin.

"Relax." Tinitigan siya ni Iñigo. "You're beautiful, Lucy," bulong nito.

Pati yata kuko niya sa paa ay kinilig. Gusto na niyang isipin na diyosa talaga siya ng kagandahan at hindi lamang siya binobola ni Iñigo.

"Thank you. Saka salamat din pala sa corsage."

"I kind of guessed that if ever you'll keep your word and attend the prom tonight, you'll be wearing pink." He was smiling that million-dollar smile of his. "Tara, sayaw tayo."

"Paano 'yan, walang maiiwan dito?" aniya.

"You two go ahead and enjoy the evening, ako na ang bahala dito sa drinks station," parang fairy godmother na sabad sa kanila ni Miss Carandang.

Pakiramdam ni Lucy ay lumutang lang siya mula sa tabi ng table ng punch bowl patungo sa dance floor. Para talaga siyang nasa langit. Jackpot pa dahil natapos na ang huling mabilis na kanta. *It Might Be You* naman ang pinatugtog ng banda. It was so perfect!

Sandali pa lamang niyang ninanamnam ang ligayang dulot ng pagkakapaloob sa mga bisig ni Iñigo, may pumutol na ng kanyang moment.

"Exchange partner tayo, pare." Si Homer ang nagsalita. Ito ang kasalukuyang pinakamasugid na manliligaw ni Bianca. Hindi ito kaguwapuhan pero ubod ng yabang dahil galing sa mayaman at maimpluwensyang pamilya. Si Bianca ang kasalukuyang kasayaw nito.

"Homer, back off," turan ni Iñigo.

"Ano ka ba naman, pare? Gusto lang kitang i-congratulate. Aminado ako na ikaw ang panalo. Iba talaga ang karisma mo, pare. Suko ako." Itinaas pa nito ang dalawang kamay. "Akala ko, wala ka lang magawa n'ung mapansin ko na pina-project mo itong si Lucy. I mean, man, what will you be doing with a nerd like her? But then, well, look at the two of you now! I've learned my lesson, pare. Hindi na ako makikipagpustahan sa iyo lalo na pag tungkol sa babae."

"Be quiet, pare. Don't make a scene. Baka may teacher na makahalata na nakainom ka, lalo ka pang di maka-graduate."

"F*ck the faculty! Ang bilis mo namang mahawa dito kay Lukring," tugon ni Homer. "Besides, don't worry dahil paalis na rin ako. This party sucks big time. Daanan mo na lang 'yung bagong miniature mugs ng kotse sa shop ni Daddy." Iyon lang at tumalilis na ito, hindi pansin si Bianca na iniwan nito sa dance floor.

Si Lucy naman ay parang kandilang natulos sa kanyang kinatatayuan.

Pustahan? Pina-project? Mugs ng kotse? Nahimasmasan lamang siya nang hawakan siya ni Bianca sa braso.

"I never thought that I'll be able to say this to you, but really, Lucy, you're so stupid. Obviously, pinaglalaruan ka lang ni Iñigo para pagselosin ako although I don't know why you, of all people, ang pinili niyang biktimahin. He must have badly wanted that car accessory."

Bianca was giggling and Iñigo was trying to say something when she finally mustered enough strength to run out of the function room as fast as she could and save what was still left from both her pride and her heart.

Dumerecho siya sa rest room para magkulong sa dulong cubicle. Ilang patak ng luha ang kumawala mula sa kanyang mga mata pero pinigilan na niya ang mga kasunod. It took gargantuan effort to keep all the different emotions that she was feeling and try to appear composed. Hinang-hinang tuloy siya habang naglalakad patungo sa lobby. Mabuti na lang hindi gaanong nagtanong ang mga magulang niya tungkol sa prom.

Pagdating sa kanilang bahay, pagkasarang-pagkasara ng pinto ng kanyang silid, hindi na napigilan pa ni Lucy ang pagdaloy ng luha. Hindi niya alam kung gaano katagal bago sumuko na rin ang kanyang mga mata. Pero nanatili ang naghihilab

na kirot sa kanyang dibdib.

Kung ganito ang magmahal, mas mabuti pa sigurong kalimutan na niya ang lahat ng tungkol sa pag-ibig sa buo niyang buhay.

# 4

"Sherlock!" hiyaw niya.

Napabalikwas si Lucy mula sa kinahihigaan. Panaginip lamang pala ang lahat. Akala niya ay muling nabuhay ang kanyang aso.

Kay sigla ni Sherlock sa kanyang panaginip. Ipinaalala nito sa kung gaano ito kabibo. Ang dami nitong alam na tricks. Ang saya-saya niya sa tuwing nagpapagulung-gulong sila sa damuhan kahit pa ikinadidismaya iyon ng kanyang mommy.

Her first pet would always be special to her. Tandang-tanda pa niya ang hitsura ni Sherlock. Cute na cute ito, siksik ang katawan at makinang ang balahibo. Marami siyang magandang alaala ukol dito. Mas naging maligaya ang kanyang buhay simula noong payagan siya ng kanyang mga magulang na alagaan ito. Ang hindi lamang maganda ay ang naging sanhi ng pagkamatay nito. Pinigilan niya ang sarili na ibalik sa isip sa pangyayaring iyon. Matagal na niyang ibinaon sa limot ang bahaging iyon ng kanyang buhay.

Minabuti niyang tumayo mula sa kinahihigaan.

Maaga na lamang niyang uumpisahan ang kanyang araw. Habang inihahanda niya ang kanyang almusal ay napasilip siya sa kalendaryo—April 13 ang petsa. Kaya pala nagparamdam si Sherlock, death anniversary kasi nito. Labing-tatlong taon na ang nakaraan matapos maaksidente ang kanyang unang aso. Kay bilis talagang tumakbo ng oras. Marami na ring ipinagbago ang kanyang buhay.

Nagbunga ng maganda ang pagsusumikap niya sa pag-aaral. Naging valedictorian siya noong high school at nag-college sa *UST.* B.S. Biology ang kanyang kinuha dahil balak niyang ipagpatuloy iyon sa Medicine. Sa kasamaang-palad, noong nasa third year college na siya ay nagkasakit ng colon cancer ang kanyang mommy. Isang matinding pagsubok iyon para sa kanilang pamilya. Noon siya nagdesisyong huwag nang ipagpatuloy pa ang planong pagdodoktor. Naging magastos ang pagpapagamot ng ina at kahit pa hindi sabihin ng daddy niya, batid niyang mahihirapan silang lalo kung dadagdag pa siya sa mga gastusin. Para makatulong, nagtrabaho siya bilang student assistant sa kanilang library. Cum laude siya nang mag-graduate at nasaksihan pa iyon ng kanyang mommy. Ilang buwan pagkatapos ng araw na iyon, pumanaw na ito.

Pinilit niyang magretiro na ang kanyang ama.

Siya na lamang ang nagtrabaho para sa kanilang dalawa. Mapalad na natanggap siya bilang propesora sa College of Science ng *UST* habang kinukuha niya ang kanyang masteral degree. Marahil ay talagang labis na mahal ng ama ang mommy niya kaya nabawasan talaga ang sigla nito nang mamatay ang asawa. Ilang taon lamang ang lumipas ay iniwan na rin siya nito.

Nang maulila, nagpasya siyang ipaupa ang kanilang bahay sa Quezon City. Saglit siyang nakitira kay Nanay Meding sa Antipolo. Nag-resign siya bilang propesora at ilang taon ding nagtrabaho sa ibang bansa kaya nakabili siya ng sariling lupa sa lugar din ng kanyang yaya, malapit sa *Mount Purro*. Nagpatayo siya ng maliit na bahay roon na siyang tinitirahan nila ngayon ni Nanay Meding, na ngayon ay biyuda na. Mas umayon sa kanya ang mabagal na buhay sa labas ng lungsod.

Nag-alaga siyang muli ng aso. Nadagdagan iyon nang nadagdagan at hindi niya namalayang dumami na ang mga ito. Nagmistula na silang isang malaking pamilya.

Pagkatapos maligo at magbihis, kinamusta ni Lucy ang kanyang mga alaga. Inihabilin niya ang mga ito kay Nanay Meding. Gamit ang mountain bike

ay tinahak na niya ang daan patungo sa opisinang pinapasukan.

Nakangiting binaybay niya ang malubak na daan. Maraming nagtataka kung bakit ganoong klase ng buhay ang kanyang pinili. She chose a road less traveled—literally and figuratively. Ngunit masaya naman siya. And for Lucy, that was all that mattered.

ANG *S.O.S.* o *Save Our Surroundings* ay isang non-governmental organization na ang layunin ay alagaan ang kapaligiran. Matagal na ring miyembro si Lucy ng grupong ito. Nitong nakaraang dalawang taon ay nahikayat siyang mas maging aktibo sa S.O.S. Naisipan niya kasing mag-sabbatical leave muna, magnilay-nilay para tukuyin kung saan ba patungo ang kanyang buhay. She realized she badly needed to rethink her priorities in life. Paano naman kasi, pagkatapos ng kolehiyo ay parang dali-dali na lamang siyang napasabak sa giyera ng buhay. Walang naging paghahanda sa kanyang parte. Parang itinulak na lamang siya ng mga circumstances dahil sa paghahangad niyang paligayahin ang mga magulang.

Malaking bahagi ng kanyang buhay ang naiukol

niya sa kanyang karera at hindi niya pinagsisisihan iyon. Habang nagtatrabaho bilang propesora ay napagtapos niya ang kanyang sarili hanggang sa masteral degree. Ni-recruit siya ng isang research institute sa Amerika matapos makarating sa mga ito ang mga na-publish niyang thesis at technical writings. Matagal din siyang nagtrabaho roon, kasama si Maria. Siya ang nag-refer dito sa kanyang pinapasukan.

Kung kita rin lang ang basehan ay mahirap pantayan ang natatanggap niya noon sa ibang bansa. Kaya lang sa kabila ng mga materyal na bagay, batid niyang hindi siya masaya roon. There was this void in her life that she did not know how to fill. Kaya nga nagdesisyon siyang bumalik muna rito sa Pilipinas. Pero imbis na sabbatical leave ay nauwi rin siya sa pagtatrabaho. Napakiusapan siyang part-time na magturo sa isang katatatag pa lamang na universidad sa Antipolo. Abala rin siya sa posisyon niya sa *S.O.S.* at bukod doon ay inaasikaso niyang mas palawakin pa ang farm na nasimulan na ni Nanay Meding. Her hands were quite full, but she was enjoying herself. Hindi ganito ang nadarama niya noon sa Amerika.

Naging madali para sa kanya na maging aktibo sa *S.O.S.* dahil sa napakalapit ng opisina nito sa bahay nila ni Nanay Meding. Saglit lamang ay nasa

harapan na siya ng kanilang opisina.

Ikinadena niya sa bakod ang kanyang mountain bike. Simple at maliit lamang ang opisina ng S.O.S. Ang buong paligid niyon ay may tanim na sari-saring halaman.

Tuluy-tuloy na siya sa loob. Inabutan niya si Pia na nagtitimpla ng gatas para sa bunso nitong anak. Ito ang kanilang overworked na sekretarya.

"Good morning, Pia. Good morning, Paola," bati niya sa mag-ina.

"Good morning, Ma'am Lucy," balik ni Pia. Hindi nakasagot si Paola dahil may nakasaksak na tsupon sa bibig nito. "Pasensya na, mas haggard ako ngayon. Hindi kasi pumasok 'yung staff sa day care center, karay-karay ko tuloy ang mga anak ko."

Napangiti na lamang siya. "How's everything here?" tanong niya.

"Same as usual. Tambak sa trabaho, kulang sa pondo," pakibit-balikat nitong sagot. "Lahat ng mga kasamahan natin ay nasa field. Ayaw man lang akong samahan dito. Marami nga palang naghahanap sa iyo. Inilista ko ang messages nila."

Sinimulan ni Pia na maghalukay sa mesa

nitong mukhang laging nasa state of calamity. Tambak iyon ng folders, mga sulat, iba't ibang resibo, supot ng chichiria at pati na notebooks nina Patrick at Peter. Disorganized man ang mesa nito ay nakakapagtrabaho pa rin ito nang maayos.

"Tumawag si Marcia. Confirmed na daw 'yung tree-planting project next month kasama 'yung *ROTC* sa university. Si Nestor naman nai-fax na 'yung proposed livelihood education progam. Mamili ka na lamang daw kung ano ang magandang i-conduct dito."

"Okay." Sa pamamagitan ng maliliit na hakbang ay nakakaabante naman ang *S.O.S.* at natutuwa siya roon.

Ipinaalam din ng sekretarya ang tungkol sa dalawang kapitbahay na nagpapapagamot ng mga alaga ng mga ito.

Naging mahiligin na sa mga hayop si Lucy. Dahil sa trabaho at sa pagbabasa ay marami na rin siyang nalalaman tungkol sa mga ito. Kumuha rin siya ng ilang subjects ukol sa Veterinary Medicine kaya ngayon ay tumatayo na rin siyang residenteng beterinaryo ng kanilang baranggay. Isang dahilan kung bakit masigasig siya sa pagtulong sa kanilang reforestation projects ay upang maibalik ang dating

tahanan ng endangered animals sa gubat.

“Wala bang inihabilin si Gerry?” usisa niya kay Pia na ang tinutukoy ay ang presidente ng *S.O.S*.

“May importante siyang lakad. Tatawagan ka na lamang daw niya mamaya,” sagot nito.

Hinarap na niya ang mga importanteng bagay para sa nalalapit nilang mga proyekto at inasikaso rin ang mga nakatambak niyang paperworks. Nang matapos niya ang trabaho ay nilisan na niya ang opisina, sakay pa rin ng mountain bike.

Papunta siya sa bahay ni Ka Pilar, isang kapitbahay na magpapatingin umano ng alagang pusa, nang tumunog ang kanyang cellphone. Tumabi muna siya sa gilid ng kalsada bago sinagot ang tawag.

“Lucy, may malaki tayong problema,” bungad ng pamilyar na tinig ni Gerry.

“Bakit? Ano’ng nangyari?” kabadong tanong niya.

“Natatandaan mo ba ’yung lupang plano nating bilhin sa Barangay Calawis?”

“Oo.” Kasama pa siya ng lalaki nang kausapin nito ang may-ari ng lupa. “Hindi ba’t doon tayo magtatayo ng nature camp?”

“Mayroong grupo ng negosyanteng interesado din sa lupa. Ide-develop daw nila iyon para gawing commercial site.”

“Are they nuts?” nadismaya niyang bulalas. “Ano naman ang plano nila ngayon? Patagin ang *Mount Purro*?”

“Kaya nga nandito ako sa Makati para makiusap sa kinatawan n’ung mga negosyante. Kaya lang wala pa si Mr. Iñigo Pizarro sa opisina niya.”

“Iñigo Pizarro!” Halos lumuwa ang mga mata ni Lucy nang marinig ang pangalang binanggit ng kausap.

“Oo at… Narito na pala siya, kararating lamang niya,” kumpirma nito. “I have to go. Pumasok ka nang maaga bukas, marami tayong kailangang pag-usapan.” Hindi pa man siya nakakahuma ay pinutol na ni Gerry ang kanilang koneksyon.

Ilang ulit na umalingawngaw sa utak ng dalaga ang kinamumuhian niyang pangalan. Death anniversary ni Sherlock ngayon. Eksaktong labing-tatlong taon ang nakakaraan mula nang masagasaan ito ni Iñigo.

If history had repeated itself, then this could only mean trouble. Kasabihan pa naman na malas

ang number thirteen.

SI LUCY ang nagbukas ng opisina ng *S.O.S.* kinabukasan. Naunahan pa niyang pumasok si Pia. Hindi kasi siya mapakali. Gusto niyang malaman kung ano ang kinahinatnan ng pag-uusap nina Gerry at Iñigo.

Bumagsak ng isang dipa ang kanyang balikat nang masilayan ang mapanglaw na mukha ng presidente ng organization nila.

"Kumusta ang lakad mo kahapon?" usisa niya kahit nararamdaman niyang hindi maganda ang ibabalita nito.

Matamlay na naupo ito sa silyang nasa tapat ng kanyang mesa. Kapansin-pansin ang nagsisiksikang pilegis sa noo nito. Hukot ang kadalasan ay derecho nitong mga balikat at mukhang dumarami na ang nagtatampong buhok sa bumbunan nito. Hindi man aminin ng lalaki ang edad ay mapaghahalatang matagal na itong wala sa kalendaryo.

"Not so good," balita ni Gerry. "Talagang desidido silang patayuan ng nightclub ang lugar natin."

"Nightclub! Don't they have enough of that

in Manila?" nakasimangot niyang sikmat. "Hindi kikita ang ganoong klase ng aliwan dito. Bihira ang nakatirang mayaman sa mga karatig nating baranggay."

"Hindi naman ang mga taga-rito ang inaasahan nilang maging kliyente. Pang-international ang standard ng nightclub at may katabi iyong luxury hotel. Ipinakita sa akin ni Mr. Pizarro ang magarbo nilang plano. Nakakalula iyon. Hindi biro ang makakalaban natin."

"Mapera na sila kung sa mapera, wala akong pakialam. Nasa katuwiran tayo kaya ipagpapatuloy natin ang paglaban," matatag niyang sabi.

"I know that. Hindi pa rin naman ako sumusuko pero ayoko na ring masyadong umasa," mapanglaw pa ring litanya ni Gerry. Mukhang hindi ito nahawa kahit katiting ng kanyang fighting spirit. "Matagal na akong nakikibaka at hindi ako bulag sa katotohanang sa mundong ito ay labis na makapangyarihan ang masalapi."

"Well, I won't let them get away with this without a decent fight, and I mean fight!" Halos manlisik na ang mga mata niya sa inis. "Babarikadahan natin ng tao ang mga puno kung kinakailangan. Susugod ako sa Malacañang para makausap ang presidente sa

kahit na anong paraan. Maririndi sila sa akin, Gerry, at uunahin kong pagsabihan iyang si Mr. Pizarro."

Si Gerry naman, parang kulang pa rin sa conviction. "Mr. Pizarro isn't really our guy. He has clearly explained his side to me. Masigasig lamang siyang empleyado na nagnanais na umangat ang posisyon. Wala namang mali roon. Ang mga amo niyang negosyante ang dapat nating makaharap. Ang problema, nagtatago naman sila."

Lalo pang kumulo ang dugo niya. Kay dali naman yatang nahuli ng Iñigo Pizarro na iyon ang loob ni Gerry. Muntik na niyang makalimutang magaling nga palang magpabango ng pangalan ang lalaki. Kaya nga taun-taon ay bahagi ito ng Student Council sa kanilang esluwelahan noon. Eksperto ito sa pambibilog ng ulo ng mga tao. Siya mismo ay hindi nakaligtas sa kamandag nito.

"Nabili na ba nila ang lupa?" untag ni Lucy.

"Gusto nilang magkaroon ng formal bidding para roon. Siguradong matatalo tayo kapag gayon ang nangyari dahil limitado ang ating pondo."

Napasuklay na lamang siya ng daliri sa buhok. Sinabi na nga ba, peste sa buhay ang Iñigo na iyon.

"Saan ang opisina ni Mr. Pizarro? Gusto ko rin

siyang makausap."

"Para ano?" medyo diskumpiyado nitong tanong.

"Just trust me on this one, Gerry."

Isang mahabang buntong-hininga ang pinakawalan nito. Ibinigay nito sa kanya ang tarheta ni Iñigo. "Ingat ka lang sa lalaking iyon, Lucy. He is armored with loads of charm," parang tatay na habilin nito.

Hindi na niya kailangan pa ng babala. Alam niya kung ano ang kanyang kakaharapin.

# 5

Labing-tatlong taon at wala man lang siyang gaanong ipinagbago, nasabi ni Lucy sa sarili habang nakatitig kay Iñigo.

Inihimpil niya ang sasakyang hiniram niya kay Gerry isang kanto bago ang matayog na building na pag-aari ng kompanyang pinapasukan ng lalaki. Saglit na kinausap ni Iñigo ang guwardya kaya nagkaroon siya ng pagkakataong pasadahan ito ng tingin.

Undeniably, the man was able to maintain his heartthrob status. Outstanding pa rin ang Filipino-Italian features nito. The hazel eyes still dazzled, idagdag pa ang makinis nitong kutis at matangos na ilong. Nakiayon sa binata ang pagtanda. Mas nagmukha itong simpatiko at makisig.

Binalikan ng dalaga ang mga notes niya nang pumasok sa building si Iñigo. Being studious is an ingrained part of her personality; marami na kaagad siyang na-research ukol sa binatang nagpa-tutor sa kanya noon.

Marketing ang natapos nitong kurso. For a

while he dabbled into modeling. Kapag walang trabaho ay madalas itong tumambay sa mga bars at clubs. Inalok itong maging assistant manager ng *Mambo*, isang sikat na nightclub sa Makati Avenue. Tinanggap nito ang trabaho dahil mas stable iyon kaysa sa pagmomodelo.

Mahusay mang-engganyo ng tao si Iñigo. Dumoble ang regular patrons ng *Mambo* simula noong magtrabaho ito roon. Dahil sa magandang feedback ay pinag-training ito ng kompanya. Ang project na nightclub sa Antipolo ang siyang una nitong pamamahalaan kung sakali. Iyon din ang dahilan kung bakit muling magtatagpo ang kanilang landas.

Matapos magpalipas ng ilang oras sa *Glorietta* ay pumuwesto uli si Lucy sa dati niyang pinaradahan para hintayin ang pag-uwi ni Iñigo. Natitiyak niyang hindi madadaan sa madiplomasyang pag-uusap ang kanilang problema. Nakaisip na siya ng ibang plano.

Paharurot na lumabas ng parking lot ang *CR-V* na minamaneho ni Iñigo. Sinundan niya iyon. Dumerecho ito sa *Mambo*. Pumasok sa loob ng club ang lalaki, nanatili naman si Lucy sa loob ng kotse, sa parking lot.

May poot sa dibdib na tinitigan niya ang

nightclub. Ayaw niyang isiping magkakaroon ng ganitong klase ng gusali sa tabi ng *Mount Purro*. Hindi naman mamamatay ang mga tao kung walang club samantalang nauubos na ang mga puno at hayop sa bundok na iyon. Hindi lang alam ng mga tao kung gaano kaimportante ang mga bundok at puno para tumagal ang buhay ng tao sa mundo.

Inaantok na si Lucy ay hindi pa rin lumalabas ng *Mambo* si Iñigo. Kalaliman na ng gabi at hindi siya sanay sa puyatan. Pabagsak na ang kanyang mga talukap nang mamataan niya ang lalaki, may kasama itong babae. Parehong susuray-suray kung lumakad ang dalawa.

"Where's your car?" narinig niyang tanong ni Iñigo sa kasama.

Humagikgik ang babae na animo kinikiliti ito ng limang duwende. "It's gone. I can't find it," kaswal na sagot nito. "Siguro nauna na."

Walang ipinagbago ang taste ni Iñigo pagdating sa babae. Mahilig pa rin ito sa mga cheerleader types—iyong mahahaba ang legs, nag-uumapaw ang boobs at walang laman ang kukote.

She had none of those three qualities. Her legs were… well, functional. They were there to do what

they're supposed to do. She did not dare present it to the public the way this girl was doing. Lalo namang walang espesyal sa kanyang dibdib na eksakto lamang sa cup A. Ang kakulangan noon ay marahil napuntang lahat sa kanyang utak.

"Iniwan ka ng sundo mo?" napakamot ng ulong tanong ni Iñigo.

"It doesn't matter. Puwede mo naman akong ihatid, di ba?" malambing na ungot ng babae. "Nasa ibang bansa ang parents ko. Mga katulong lamang ang kasama ko sa bahay," dagdag nitong nagpapakitang-motibo. "That means I can invite you inside my room..."

"Trix, I'm afraid pareho na tayong masyadong maraming nainom..."

"Perfect nga iyon." Muling humagikgik ang babae. "The wilder, the better!"

Ang babaeng may lahing boa constrictor ay mabilis na nakalingkis kay Iñigo. Naging aktibo sa panghihimok ang mga galamay nito. Nilamon ng nananalakab nitong halik ang lahat ng pagtutol na puwede pa nitong marinig.

Dahil tinted ang salamin ng kotseng sinasakyan ni Lucy ay hindi mapapansin ninuman na may tao

sa loob. Talagang napamulagat siya sa nakitang tagpo sa pagitan ng dalawang taong pinanonood niya. Nagrebolusyon lahat ng kanyang lamang-loob. Maaaring makaluma siya pero hindi siya gaanong prude. Ilang taon din siyang nanirahan sa Amerika kaya nasanay na rin siya sa Western culture kung saan maraming babae ang liberal. Gaya ng karamihan, kinikilig din siya sa mga romantikong eksena sa mga babasahin at pelikula.

Pero ngayon ay hindi siya kinikilig, bagkus nanghihilakbot siya! Ipinikit na lamang niya ang mga mata at pinigilan ang kamay na bayuhin ang car window.

Muntik na siyang maiwan ng *CR-V* nang muli iyong humarurot paalis sa parking lot ng *Mambo*. Tumuloy iyon sa isang mansyon sa White Plains. Ipinagpalagay niyang bahay iyon ni Trix, ang babaeng kasama nito.

Napailing na lamang si Lucy habang gumagawa ng milagro ang dalawa sa kuwarto ng dalaga. Iyon na marahil ang summary ng buhay ni Iñigo, ang buhay na pinapangarap ng karamihan. He led an opulent lifestyle. Mayroon itong glamorosong trabaho, magagarang damit, mamahaling kagamitan, magagandang sasakyan, malaking tirahan at

maraming babae. She wondered if he was really happy.

Muntik nang mawalan ng panimbang si Iñigo nang lumabas ito ng bahay. Mukhang mas lalo pa itong nalango. Lukut-lukot ang polong suot nito at kalahati na lamang niyon ang naka-tuck in sa pantalon. Wala ang tie at sinturon na kanina ay suot nito. Akala nga ni Lucy, hindi na nito kakayanin pang muling magmaneho.

Ngunit nakabalik naman ito nang buo sa tinitirahan nitong townhouse sa Makati. Pumasok siya sa garahe habang pina-park nito ang *CR-V*. Napalundag pa ito nang makita siya pagkalabas nito ng sasakyan para ikandado sana ang gate.

Itinutok niya sa dibdib nito ang toy gun na hiniram niya sa anak ni Pia.

"Sumama ka sa akin kung mahal mo pa ang buhay mo," banta ni Lucy, tulad ng isang magaling na bandido. Kung hindi lamang marami na siyang trabahong pinagkakaabalahan, siguro may future siya sa pag-aartista.

ILANG BESES na napalunok si Iñigo habang nakatitig sa baril na nakatutok sa kanyang dibdib.

"Boss..." Ibinaling niya ang tingin sa kanyang assailant. Dahil lasing at tuliro, doble ang tingin niya rito. Dalawang babae! "Mga Miss, I mean… mga Ma'am, huwag n'yo akong patayin. Ano'ng kailangan ninyo? Pera? Kotse? Appliances?"

Naisnab naman ang kanyang mga suhol. "Halika na!" utos ng kaharap.

Muli siyang napalunok. "Bakit? Ano'ng kailangan n'yo sa akin? Gagawin n'yo ba akong hostage?" taranta niyang urirat. Hindi naman mukhang miyembro ng *Abu Sayyaf* ang dalawa. In fact, hindi mukhang hoodlum ang magkahawig na babae.

"Wala nang masyado pang tanong!"

Idinuldol nito ang baril sa kanyang dibdib kaya napilitan siyang tumalima. Halos magkandarapa siya para makalabas ng kanyang garahe. Mabait naman at may konsiderasyon ang kanyang mga assailants. Hinayaan pa siya ng mga itong mag-lock ng gate. Ang mga bisig na inasahan niyang mambubugbog ay siya pang umalalay sa kanya.

Pinasakay siya sa kotseng nakaparada sa harapan ng kanyang kapitbahay. Sa sobrang kalituhan at kalasingan, hindi pa man sila gaanong nakakalayo ay nakatulog na siya.

"NANAY MEDING! Nanay Meding!" sigaw ni Lucy habang kinakalampag niya ang kanilang pinto.

Pupungas-pungas na lumabas ang matanda. "Lucy, bakit ngayon ka lang? Aba'y mag-uumaga na!"

"Tulungan n'yo po ako. May ilalabas ako sa sasakyan."

"Namili ka ba sa Maynila? Sino iyan?" manghang tanong nito nang ilabas niya ang isang braso ni Iñigo para ipatong iyon sa kanyang balikat.

"Mamaya na ang mga tanong. Dalhin natin ito sa guest room."

Pinagtulungan nilang bitbitin ang mabigat na katawan ng lalaki. He was still very much oblivious to the world. Humihingal na ibinagsak nila ito sa kama. Dahil nakatihaya, nagawang suriing maigi ni Nanay Meding ang mukha nito.

"Kay guwapo naman nitong napamili mo. Siguro mahal 'yan, mukhang imported," nangingiti nitong biro. "Pinalaki ka talaga namin nang tama. Okay ang taste mo pagdating sa lalaki."

Iniusod niya si Iñigo para mapunta ito sa gitna ng kama. Nilagyan din niya ng unan ang ulo nito.

"Hindi n'yo ba siya nakilala? Si Iñigo iyan, 'yung kaklase ko sa *St. Jerome*."

"Aba'y mas lalong gumandang lalaki, ah! Ba't nandito iyan? Pipikutin mo na ba? Halika, itali na natin para hindi makapalag," excited na suhestyon ng matanda.

"Si Nanay talaga, laging nambubuska," lukot ang mukha niyang sabi. "Hindi ko iyan pipikutin, parurusahan ko 'yan. Hindi ba't siya ang pumatay kay Sherlock? Pagkatapos, ngayon ay katulong pa siya ng mga taong nagnanais na sumalaula sa lugar natin. Magtatayo sila ng nightclub! Bubulabugin nila ang mga hayop pati ang mga tao rito!" ingit ni Lucy, nakakuyom ang mga kamay. Binayo niya ang isang kamao sa headboard ng kama. "Puro problema ang dulot ng lalaking iyan. Kailangan na siyang turuan ng leksyon."

"Pero kung ganyan din naman kaguwapo ang nagkasala, hindi na siguro masamang bigyan pa ng isang pagkakataon," nakangising sambot ni Nanay Meding.

"At kayo naman po ay kunsintidor," singhal niya.

Tinawanan lamang siya nito. Ibinaling nitong muli ang pansin kay Iñigo. "Umaamoy na sa

kalasingan ang lalaking ito. Basang-basa pa ng pawis ang likod. Kailangan siyang mapunasan at mapalitan ng damit."

Saglit siya nitong iniwan. Nang magbalik ito sa guest room ay may bitbit na itong malinis na t-shirt, bimpo at maliit na palangganang may maligamgam na tubig.

"Hala, punasan mo na iyan at palitan ng damit," utos nito.

Namilog ang kanyang mga mata. "Bakit ako?" reklamo niya. Wala siyang balak na busisiin ang katawan ng demonyo. "Kayo na lamang po."

"Sino ba ang nang-hostage diyan?" ingos ni Nanay Meding. "Isang lalaki lamang ang pinagsilbihan ko nang lasing at matagal na siyang patay. Ayokong magselos si Procerfino," banggit nito sa pangalan ng namayapang asawa, "saan man siya naroroon." Nagmartsa na ito palabas ng silid.

Napabuntong-hiningang sinulyapan ni Lucy ang natutulog na lalaki. Natutukso siyang hayaan na lamang itong magkasakit, ngunit sa huli ay mas nanaig ang makatao niyang puso. Inilapag niya ang palanggana sa sahig at naupo sa gilid ng kama.

Marahan niyang idinampi ang basang bimpo sa

noo ni Iñigo. Ni hindi ito natinag. Talagang himbing na himbing ang mokong! Sadyang nakakapanlinlang ang hitsura nito. Mukha itong natutulog na anghel. Nakuha pa nitong ngumiti nang punasan niya ang pisngi nito. Labas man ang biloy sa pisngi, nanatili pa ring nakapikit ang mga mata nito.

*Darn! Why are you so cute?* piping hinagpis niya.

Nahirapan siyang huminga habang isa-isa niyang kinakalagan ang mga butones ng polo nito. She blamed it on his gorgeous body. Malapad at siksik ang mga laman sa balikat nito, halatang batak iyon sa ehersisyo. His smooth, chiseled chest looked warm and cuddly. Maging ang puwitan nito ay talagang nakakapanggigil.

Habang hinahagod niya ng bimpo ang patag nitong tiyan, hindi niya sinasadyang nasanggi ang parteng hindi niya dapat bungguin. Lalo siyang hindi napakali nang mapansin ang alam niyang natural na reaksyon ng bahaging iyon ng katawan ng lalaki.

*Dear, oh, dear!* napakagat-labing bulalas ng isip niya. Pinamulahan pa siya ng mukha. Pinilit niyang iiwas ang mga mata sa pang-ibabang bahagi ng katawan ni Iñigo. Apurahan niyang tinapos ang ginagawang pagpunas dito.

Nataranta siyang muli nang biglang pumulupot sa baywang niya ang isa nitong braso. Muntik na siyang mapatalon. Parang livewire iyon na idinikit sa kanyang balat. Naroon pa naman ang kanyang kiliti!

Hindi niya tuloy malaman kung paano tatapusin ang pagsusuot ng t-shirt dito. Kusa namang bumagsak sa kama ang mapangahas na kamay ni Iñigo. Pagkatapos bihisan ay binalot niya ito ng kumot upang higit na matakpan ang mapanukso nitong katawan.

Lumabas na si Lucy ng silid. Ipininid niyang maigi ang pinto bago iyon ikinandado. Isinilid niya sa kanyang bulsa ang susi niyon. Nagbalik na sa normal ang kanyang paghinga pati na ang pintig ng puso niya.

“Mission accomplished,” nakangisi niyang bulong sa sarili.